PARA SA AGARANG PAGLALABAS

Kontakin si:
Brenda Barron, 202-744-6095, Brenda@NationalVoterRegistrationDay.org

Sa Papalapit na Lokal na Halalan, Grupo, Nanawagan sa Mga Katuwang sa Komunidad na Maglunsad ng Mga Kampanya para sa Pambansang Araw ng Pagpaparehistro ng Botante o National Voter Registration Day

Washington, DC – Bago ang halalang munisipal at halalan ng buong estado ngayong taon, kikilos ang 2,000 grupo sa buong bansa upang ipagdiwang ang Pambansang Araw ng Pagpaparehistro ng Botante sa Setyembre 26, 2017. Ang Namumunong Komite ng Pambansang Araw ng Pagpaparehistro ng Botante ay nananawagan sa mga aklatan, unibersidad, organisasyong pangkomunidad, at mga negosyo upang tumuwang sa pagsisikap na ito sa pamamagitan ng pangunguna sa isang kampanya ng lokal na pagpaparehistro.

"Mayroong direktang epekto ang mga lokal na halalang ito sa pang-araw-araw na buhay ng mga tao," ani Judd Choate, Pangulo ng Pambansang Asosasyon ng Mga Direktor ng Halalan sa Estado at kasapi ng Namumunong Komite ng Pambansang Araw ng Pagpaparehistro ng Botante. "Naaapektuhan ng mga ito ang ating mga parke at sistema ng transportasyon, ang mga paaralan, ang pulis at bumbero, ganundin ang mga lokal na buwis at pampublikong pamumuhunan na sinusuportahan nila."

Taun-taon, milyun-milyong Amerikano ang hindi ginagamit ang kanilang karapatang bumoto dahil may nakaligtaan silang deadline, lumipat sila, nagpalit ng pangalan, o hindi nila alam kung papaanong magpaparehistro sa simula. Humaharap sa mga karagdagang hamon ang komunidad ng mga Asyanong Amerikano at Taga-isla ng Pasipiko. "Bilang pinakamabilis na lumagong populasyon sa Estados Unidos, malaki ang nadagdag sa bilang ng mga Asyanong Amerikano at Taga-isla ng Pasipiko na kwalipikadong magparehistro upang bumoto. Subalit nananatili ang agwat sa pagitan ng mga rehistrado at iyong mga kwalipikadong bumoto," ani Christine Chen, ehekutibong direktor ng Asian and Pacific Islander American Vote (APIAVote).

Pagpapatuloy ni Chen, "Magpapatuloy ang APIAVote sa pagrerehistro ng ating mga komunidad upang makaboto, pag-aalis ng mga balakid sa wika, at pagtutulungan sa Pambansang Araw ng Pagpaparehistro ng Botante upang hikayatin ang buong paglahok sa ating demokrasya–Mahalaga ang ating suporta upang magtagumpay ang Pambansang Araw ng Pagpaparehistro ng Botante.

"Ang mga opisyal ng halalan tulad ko ay nakatutok sa maayos na pagpapatakbo sa mga lugar ng botohan at tumpak na pagtatala ng mga resulta," dagdag ni Choate. "Umaasa kami sa mga katuwang sa komunidad, na mayroong mga mapagkakatiwalaan at matatag na relasyon sa kani-kanilang komunidad upang makatulong sa pagtitiyak pagrerehistro at –pagtuturo sa mga botante tungkol sa halalan."

Upang mag-sign up bilang katuwang, bisitahin ang NationalVoterRegistrationDay.org/partners/partner-sign-up/. Ang mga katuwang ay

tumatanggap ng mga taong interesado para makapagsanay, makapagrehistro at makatanggap ng impormasyon sa pagtatatag ng samahan ng mga katuwang.

Mula 2012, mahigit 1.4 milyong katao ang nagparehistro upang bumoto o mag-update ng kanilang pagpaparehistro bilang bahagi ng Pambansang Araw ng Pagpaparehistro ng Botante, na taun-taong ipinagdiriwang tuwing ika-4 apat na Martes ng Setyembre. Ang Pambansang Araw ng Pagpaparehistro ng Botante ay ini-endorso ng Pambansang Asosasyon ng Mga Sekretarya ng Estado o National Association of Secretaries of State (NASS) at ng Pambansang Asosasyon ng Mga Direktor ng Halalan sa Estado o National Association of State Election Directors (NASED).

Nagiging posible ang malawak na naaabot ng Pambansang Araw ng Pagpaparehistro ng Botante sa pamamagitan ng maraming hanay ng mga nonprofit, grupong sibika, mga asosasyon ng mga pinuno ng halalan, at mga kompanya ng balita at teknolohiya kabilang ang United Way, Military Officers Association of America, APIAVote, League of Women Voters, Nonprofit VOTE, VotoLatino, Facebook, Twitter, Country Music Television, BET, Univision, at iba pa.

Bisitahin ang NationalVoterRegistrationDay.org para sa buong listahan ng mga katuwang at dagdag na impormasyon hinggil sa Pambansang Araw ng Pagpaparehistro ng Botante.

# # #